Mayroon po ba kayong problema sa bayarin ng bahay o walang matuluyan dahil sa COVID-19?

Ang mga sumusunod na suportang hakbangin ay ipinatupad para sa mga indibiduwal na humaharap sa kahirapan ng pagbabayad ng upa, o nawalan ng tirahan dahil sa epekto ng COVID-19.

1. Tulong Na Salapi Sa Pabahay

Kung ikaw ay nasa peligro na mawawalan ng tirahan dahil sa pagkawala ng trabaho o kaya pagbaba ng sueldo, Maaaring ikaw ay karapatdapat dito sa Tulong na salapi sa Pabahay. Ang Munisipal na gobyerno ang tutulong na magbabayad ng inyong renta o bayad (magbabayad ng direkta sa may-ari) para, sa karaniwan, Tatlong buwan, Na hanggang sa pinakamataas na Siyam na Buwan. Upang maging karapat-dapat sa tulong na ito, ikaw ay kailangan na, alinman sa nawalan ka ng trabaho o nabawasan ang inyong sueldo ng Malaki sa loob ng dalawang taon, at nasa peligro na mawawalan ka ng tirahan.

2. Pansamantalang Suportang tulong Pangkabuhayan.

Kung kayo ay walang matitirahan, o kaya ay hindi matatag ang pakikipag-ayos sa tirahan, gaya ng pagtigil nang matagalan sa isang net café, at iba pa., emergency shelter, pagkain, at pananamit ay paglalaanan para sa taning na panahon (ng mga 3 Buwan) Sa karagdagan, iba't-ibang tulong o suporta para sa pamumuhay matapos ang paninirahan sa shelter ang ipapamahagi, gaya ng para makapagtrabaho. Kung kayo ay walang lugar ng tirahan at ang kinikita ay mababa pa sa talagang kita, kayo ay maaaring karapat-dapat para sa suportang programa na ito.

Kung kayo ay may katanungan tungkol sa suportang hakbangin na ito, kumontak po sa inyong lokalidad o ang tinatawag na Independence Consultation Support Organization (jiritsu soudan shien kikan.) Para sa mga nangangailangan ng tulong ng Taga-salin, huwag mong mag-atubiling tumawag sa amin dito sa Center. Kami ay naririto upang tumulong!